**Republika ng Pilipinas**
**Lalawigan ng Laguna**
**Bayan ng Sta. Cruz**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PAMBAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA. NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-15 NG HUNYO, 1998, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:45 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. NARCISO O. INFANTE............. PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Ariel T. Magcalas.............. Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon............... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez............. Kagawad
Kgg. Celestino D. Pamatmat.......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison............... Kagawad
Kgg. Miguel M. Asinas............... Kagawad
Kgg. Mario M. Mangahas.............. Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan... Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco............ Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villasenor.......... Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 073-T'98

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET BLG. I NA NAGKAKAHALAGA NG ANIM NA RAAN AT SIYAM NA LIBO, SIYAM NA RAAN APAT NAPU'T ISANG PISO AT SAMPUNG SENTIMOS (P609,941.10) BILANG KABAYARAN SA TERMINAL LEAVE BENEFITS NG MGA NAGRETIRO AT MAGRE-RETIRONG KAWANI AT OPISYAL NG PAMAHALAANG BAYAN.

SAPAGKA'T, pinahahalagahan ang paglalaan ng pondo para sa Terminal Leave Benefits ng mga nagretiro at magre-retirong kawani at opisyal ng pamahalaang bayan;

SAPAGKA'T, ang pagkukunan ng naturang pondo ay magmumula sa balanseng pangkalahatan (surplus), nang nakaraang taon;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Mario M. Mangahas at sa buong pagkakaisa at pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang mga sumusunod na:

KAUTUSAN SA PAGLALAAN NG PONDO BLG. 1 T'98

IPINAG-UUTOS ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna

SEKSIYON I - Na makapaglaan ng pondong nagkakahalaga ng P609,941.10 mula sa balanseng pangkalahatang pondo (surplus) nang nakaraang taon bilang kabayaran sa Terminal Leave Benefits ng mga nagretiro at magre-retirong kawani at opisyal ng pamahalaang bayan, sa ikaaayos ng badyet sa taong ito.

SEKSIYON II - Ang Kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

PINAGPASIYAHAN PA: Na binibigyan ng kapangyarihan ang Pambayang Ingat-Yaman at Pambayang Pinuno sa Badyet upang makapagsagawa ng kaukulang pamamaraan sa paglalaan ng pondong nabanggit, ayon sa patakaran at panuntunan sa pagbabadyet at pag-aawdit.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng Kapasiyahan at kautusang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

ISINASABATAS at PINAGTIBAY ngayong ika-15 ng Hunyo, 1998

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahan at kautusang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan/Tagapangulo

PINAGTIBAY:

ENRIQUE R. BAUTISTA
Punong Bayan